



SLP

Mga Sanggunian:



[Ano ang ginagawa ng isang SLP?](#)



[Matuto pa tungkol sa LSL](#)



[Higit pa tungkol sa mga karamdaman sa pagkain at paglunok](#)

Ano ang SLP at bakit mahalaga para sa aking anak at pamilya na makipagtulungan sa isa?

- Ang SLP ay nangangahulugang Speech-Language Pathologist. Ang mga speech-language pathologist (SLP's) ay nagtatrabaho upang maiwasan, masuri, ma-diagnose, at magamot ang mga sakit sa pagsasalita, wika, panlipunang komunikasyon, cognitive-communication, at paglunok sa mga bata at matatanda.
- Ang isang SLP ay may master's degree sa Speech Language Pathology at natutugunan ang mga kahingian upang maging isang kredensyal na Tagapagbigay ng Maagang Interbensyon (EI, akronim nito sa Ingles).
- Sa sistema ng EI ng Illinois, ang mga SLP ay awtomatikong nakakapagbigay ng mga serbisyo sa mga kategorya ng rehabilitasyon ng pandinig (AR, akronim nito sa Ingles) at speech therapy (ST).
- Ang lahat ng SLP ay may pangunahing kaalaman sa pagkawala ng pandinig. Mahalaga para sa mga batang bingi o mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles) na makipagtulungan sa mga SLP na may karagdagang espesyal na kaalaman o karanasan sa pagtatrabaho sa mga bata na d/hh o handang makakuha ng kaalaman na iyon.
- Maaaring magsimulang makipagtulungan ang mga pamilya sa isang SLP bago pa man magsimulang magsalita ang kanilang anak. Kung may alalahanin tungkol sa komunikasyon ng isang bata, maaari silang suriin ng isang SLP sa gulang na 2-3 buwan lamang.
- Ang ilang mga SLP ay may kaalaman upang magbigay ng patnubay at mga estratehiya tungkol sa pagkain, paglunok, at mga pagkaantala o karamdaman sa oral motor. Kung ang isang bata ay nangangailangan ng suporta sa pagkain at speech therapy, maaaring kailanganin nilang gumamit ng higit sa isang provider para magtulungan at magbigay ng mga espesyal na serbisyong ito.
- Mahalagang humanap ng isang SLP na nakakaunawa sa iyong napiling paraan ng komunikasyon upang maayos silang makipag-usap sa iyong anak.
- Ang isang SLP sa pamamagitan ng EI ay maaaring magtrabaho sa iyong anak at iyong pamilya hanggang ang iyong anak ay 3 taong gulang at hindi na eligible sa programa.